# PIVOT 4A

# LEARNER'S MATERIAL

## GRADE 3 - MAPEH (Arts)



QUARTER 3

MELC based SLM

DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikatlong Markahan
Ikalawang Edisyon, 2021

# MAPEH (Arts)
## Ikatlong Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Catherine Joyce F. Ledesma
**Content Creator & Writer**

Eugene Ray F. Santos & Angela A. Morando
**Internal Reviewer & Editor**

Fe M. Ong-ongowan & Katrina Marie C. Unida
**Layout Artist & Illustrator**

Jeewel L. Cabriga, Alvin G. Alejandro & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas
**IT & Logistics**

Kirt John Segui, Komisyon ng Wikang Filipino
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

WEEK 1

I


# Mga Karaniwan at Kakaibang Marka

Aralin

Ano-ano ang mga bagay na maaaring gamitin sa pagtatatak? Alin dito ang nag-iiwan ng makatotohanan at di-makatotohanang marka? Paano ito ginagamit sa imprenta?

Sa araling ito, matatalakay mo na ang isang tatak gamit ang mga bagay mula sa kalikasan ay maaaring lumikha ng makatotohanan o di-makatotohanang marka sa imprenta.



Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin kaya rito ang mga markang gawa ng bagay mula sa kalikasan? Alin naman dito ang mga markang mula sa bagay na gawa ng tao?



## D





Maraming bagay ang maaaring gamitin sa imprenta upang magsilbing pantatak. Ang mga bakas o markang iniiwan nito ay batay sa hugis, ukit, o pagkakayari ng isang panig ng pantatak. Ang mga bagay na ito ay maaaring magmula sa kalikasan o kapaligiran, o di kaya naman ay mga kagamitan o bagay na gawa ng tao.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Isulat ang titik **K** kung ang bagay sa larawan ay mula sa kalikasan. Isulat naman ang **T** kung ang bagay sa larawan ay gawa ng tao. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. plastic na bote  | 2. bulaklak  |
| 3. kahon  | 4. sisiw  |
| 5. cellphone  | 6. bato  |

Kung gagamitin bilang pantatak, ang mga bagay mula sa kalikasan ay maaaring lumikha ng mga markang mukhang totoo at hindi totoo. Halimbawa, kapag nilagyan ng tinta o pangkulay ang panig ng isang prutas, makikita ang anyo o hugis nito sa iiwanang marka sa papel.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang **M** kung ang pantatak sa larawan ay mag-iiwan ng markang makatotohanan. Isulat naman ang **D** kung ang pantatak sa larawan ay mag-iiwan ng markang hindi makatotohanan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. dahon  | 2. bato  |
| 3. bulak  | 4. talampakan ng aso  |
| 5. hiniwang sibuyas  | 6. hiniwang patatas  |

# E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sundin ang mga hakbang ng pag-imprenta sa ibaba.

Mga kailangan:

2 - 3 uri dahon

maliliit na bato o piraso ng kahoy

pangulay (kape, lupa, toyo, o mga likidong pangkulay)

papel o malinis na karton

Mga hakbang:

1. Idampi sa pangkulay ang mga dahon, at lumikha ng mga marka nito sa pamamagitan ng pagtatak sa papel.
2. Ulitin ang nakaraang hakbang gamit ang naman maliliit na bato o kahoy bilang pantatak.
3. Maaaring damihan ang mga marka sa iba't ibang bahagi ng papel o karton, gamit rin ang iba pang pangkulay.
4. Patuyuin ang iyong bagong likhang-sining sa maaraw na lugar.

| Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa. | |
|---|---|
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na pagmamarka | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |



## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Masasabing ____________ ang tatak o marka kung nananatili ang __________ ng pantatak sa imprenta, at matutukoy pa rin ang bagay na ginamit sa pamamagitan lamang ng naiwang tatak o marka nito. Hindi makatoohanan ang isang ______________ kung mahirap tukuyin ang bagay na ipinantatak dito. Tandaan, ang itsura ng imprenta ay batay sa hugis, ukit, o ______________ ng bagay na lumikha nito.

| | | | |
|---|---|---|---|
| itsura | makatotohanan | tatak o marka | pagkakayari |

WEEKS 2-3

# Mga Kagamitan at Disenyo ng Imprenta


I

## Aralin

Ano ang paborito mong disenyo ng imprenta? Paano mo kaya ito magagawa? Ano-ano ang mga kagamitan na kailangan upang makagawa ng magagandang disenyo ng imprenta?

Sa araling ito, maipaliliwanag mo ang halaga at pagkakaiba-iba ng mga kagamitan sa imprenta, gayundin ang kahulugan ng mga disensyo nito.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin sa mga bagay na ito ang maaaring gamitin para sa imprenta? Ano ang kanilang gamit sa paglikha ng isang imprenta?

| | |
|---|---|
| lapis  | papel  |
| gomang pantatak   | likidong pangkulay   |
| gunting  | bakal na pang-ukit  |

# D

Mahalaga ang iba't ibang kagamitan sa paggawa ng isang likhang-sining. Tayo ay nakalilikha lamang ng isang bagay mula rin sa mga bagay na mayroon tayo. Kinakailangang sundin ang wastong hakbang sa paggawa ng sining upang hindi masayang ang mga kagamitang nakalap.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang mga kagamitan sa imprenta na inilalarawan ng mga sumusunod na pahayag. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ito ay nagsisilbing panulat. Nakatutulong ito upang gumuhit ng mga linya at hugis bilang gabay sa pag-ukit ng pantatak, at mga sukat, at bahagi ng tatatakan.
   A. lapis
   B. ruler
   C. karton

2. Ito ang nagsisilbing markahan ng imprenta kung saan nabubuo at nakikita ang resultang disenyo o larawan. Dito gumuguhit, nagsusulat, naglalapat at nagbabakas, o nagbabakat ng iba't ibang marka, linya, o hugis.
   A. bato
   B. papel
   C. lupa

3. Ito ang naglilipat ng marka sa isang patag na bagay. Maaari itong hulmahin o ukitan ng disenyo, bago lagyan ng pangkulay at ilapat sa ibang bagay.
   A. pantatak
   B. pangkulay
   C. pang-ukit

4. Ito ang nagbibigay-buhay sa marka ng isang imprenta. Inilalagay ito sa pantatak upang mag-iwan ng bakas o markang nagtatagal sa isang patag na bagay. Kung wala ito, ay hindi makikita ang larawan o anyong nais mabuo sa imprenta.
   A. tubig
   B. pambura
   C. kulay



5. Ito ay ginagamit upang mabuo ang isang balangkas ng hugis o disenyo sa papel o karton. Sa pamamagitan nito ay maaari kang lumikha ng istensil bilang gabay sa paulit-ulit na imprenta.
   A. kutsilyo
   B. gunting
   C. hangin

6. Ito ay ginagamit upang lumikha ng iba't ibang ukit o hulma sa bagay na pantatak. Sa tulong nito, lilitaw ang mga bahaging dapat malagyan ng kulay, upang mag-iwan ng markang nais mabuo sa imprenta.
   A. bagay na matigas at matalas
   B. bagay na mahaba at matigas
   C. bagay na maikli at malambot

Ngayon ay alam mo na ang halaga ng iba't ibang kagamitan sa paglikha ng imprenta. Tandaan na ang bawat isa rito ay may kaukulang gamit sa proseso ng imprenta.

Ano-ano pa kaya ang ibang bagay o kasangkapan na maaari mong gamitin sa pagguhit, pagbakas, o paglapat ng marka? Ano-ano naman ang iba pang kagamitan sa pagtatak, paggupit, o pagkulay?

Narito ang iba pang mga bagay na maaaring maging kaagapay sa pagpapahusay ng isang imprenta.

| ruler | pambura | araw |
|---|---|---|
|  |  |  |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Tukuyin ang gamit ng mga sumusunod na bagay sa proseso ng imprenta. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

1. ruler
   A. nagsisilbing gabay sa panulat
   B. nagsisilbing pang-ukit
   C. nagsisilbing pambakat

2. pambura
   A. nagsisilbing pangkulay
   B. nagsisilbing pangwasto
   C. nagsisilbing pambakas

3. prutas
   A. nagsisilbing panggupit
   B. nagsisilbing panulat
   C. nagsisilbing pantatak

4. platito
   A. nagsisilbing lalagyan ng pangkulay
   B. nagsisilbing pampabigat
   C. nagsisilbing panggupit

5. araw at hangin
   A. nagsisilbing liwanag
   B. nagsisilbing pampatuyo
   C. nagsisilbing pampalamig


Maraming disenyo ang maaaring likhain sa sining ng imprenta. Sa pamamagitan ng iba't ibang linya o hugis ay makabubuo ka ng samu't saring disenyong naisin mo.

Halimbawa, ang mga marka ng iyong daliri ay maaaring makabuo ng bakas ng paa ng tuta. Ang tatak ng iyong hinlalaki sa papel ay magmumukhang palad ng tuta, at ang tatlong tatak ng iyong hinliliit sa ibabaw ng tatak ng hinlalaki ay magmimistulang mga daliri ng tuta. Tingnan ang sumusunod na proseso nito.

Mga kailangan:
papel
likidong pangkulay

Mga hakbang:

1. Idampi ang hinlalaki sa pangkulay.
2. Itatak ng marka nito sa papel.
3. Idampi naman ang hinliliit sa pangkulay.
4. Itatak ng marka nito ng tatlong beses sa ibabaw ng marka ng hinlalaki.
5. Ulit-ulitin ang hakbang 1-4 sa iba't ibang bahagi ng papel.



Ang bawat linya, hugis, o disenyo ng imprenta ay maaaring magbigay ng kahulugan o kuwento sa nakakikita nito. Ang iba't ibang anyo o larawang nabubuo ng mga marka ay maaari ding maging simbolo ng isang damdamin, kaisipan, o mensahe mula sa gumawa patungo sa nakakikita.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pagtugmain ang mga sumusunod na simbolismo sa naaangkop na salita o tema. Isulat ang ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. simbolo ng pag-ibig at pagmamahalan | A. bahay |
| 2. simbolo ng tapang | B. krus |
| 3. simbolo ng kalikasan | C. puno |
| 4. simbolo ng Panginoong Diyos | D. kamao |
| 5. simbolo ng pamilya | E. puso |
| 6. simbolo ng kasiyahan | F. eroplano |
| 7. simbolo ng kalungkutan | G. araw at bituin |
| 8. simbolo ng dagat | H. alon |
| 9. simbolo ng Pilipinas | I. nakasimangot na mukha |
| 10. simbolo ng paglipad | J. nakangiting mukha |

# E




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sa tulong ng iyong mga magulang o nakatatandang miyembro ng pamilya, sundin ang mga sumusunod na hakbang upang makalikha ng imprenta galing sa iyong sariling disenyo na simbolo.

Mga kagamitan:
- lapis
- gunting o cutter
- karton



Mga hakbang:

1. Umisip ng tatlong simbolo na gagamitin sa paglikha ng iyong imprenta. Maaaring gamitin ang mga simbolo sa ibaba.
2. Iguhit ang balangkas ng simbolo na iyong napili sa karton.
3. Maingat itong gupitin sa pamamagitan ng pagsunod sa linya.

| | | |
|---|---|---|
| simbolo ng gabi  | simbolo ng umaga  | simbolo ng kapayapaan  |
| simbolo ng tubig  | simbolo ng apoy  | simbolo ng kuryente  |
| simbolo ng katanungan  | simbolo ng diretsong direksyon  | |

| | |
|---|---|
| Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa. | |
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na paggawa ng imprenta | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sundin ang mga hakbang sa pagtatatak ng isang simbolo. Gawin ito sa tulong ng nakatatandang kasama sa bahay.

Mga kailangan:

pambura o maliit na kahoy — lapis


kutsilyo o gunting — papel

Mga hakbang:

1. Sa isang pambura o maliit na kahoy ay umukit ng kahit anong simbolo gamit ang kutsilyo o gunting.
2. Ilapat ang papel sa ibabaw ng pambura o kahoy na may ukit at hawakan ito nang mahigpit.
3. Kiskisin ng lapis ang bahagi ng papel na nakalapat sa kahoy o pambura.
4. Hipan at dahan-dahang pagpagin ang mga sobra o tira-tirang pulbos ng lapis mula sa papel.

Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

| | |
|---|---|
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na pag-uukit | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |



## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Ang sining ay may kapangyarihang magpahayag ng ___________ nang hindi gumagamit ng mga salita. Sa katunayan, may mga bagay na hindi kayang sabihin ng mga ___________ na kayang ipahayag sa sining. Mabisang paraan ang sining upang maipahatid ang kahulugan o ibig sabihin ng isang damdamin o ___________ , sa pamamagitan ng kaakit-akit, nakahahalina, at makatawag-pansing mga ___________ .

| mensahe | salita | kaisipan | disenyo |
|---|---|---|---|

WEEK 4


# Maramihang Pagtatatak

## I Aralin

Paano makalilikha ng imprenta gamit lamang ang kamay? Paano naman makagagawa nito gamit ang mga simpleng makinarya? Maaari ba itong gamitin ng higit sa isang beses at ng iba't-ibang tao?

Sa araling ito, iyong maisasagawa ang pagtatatak gamit ang kamay o makinarya ng maraming beses, at magagamit din ito ng ibang tao.

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Alin kaya sa mga markang ito ang gawa lamang sa kamay? Alin naman ang mga markang gawa ng ibang bagay?



## D

Mayroong imprentang nilikha gamit lamang ang kamay, at mayroon namang gumamit ng iba pang bagay. Dahil sa kombinasyon ng mga ito, maaaring makalikha ng samu't saring disensyo sa imprenta.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Sundin ang mga sumusunod na hakbang sa paglikha ng talaan ng sukat ng palad.

Mga kailangan:

papel | platong may tubig | lupa

Mga hakbang:

1. Iliublob ang isang palad sa platong may tubig.
2. Mariing ilapat ang basang palad sa lupa at bahagyang ikiskis ito.
3. Idikit ang palad sa papel at panatilihin ito ng mga limang segundo.
4. Dahan-dahang tanggalin ang kamay mula sa papel.
5. Ulitin ang hakbang bilang 1—4. Siguraduhing ilapat muli ang kamay sa naunang marka nito sa papel upang madoble ang marka nito.
6. Patuyuin ang papel sa maaraw na lugar.



Maaari mong gawin ang pagtala ng sukat ng iyong palad sa maraming papel o iba pang bagay na patag tulad ng karton, sahig, o dingding, gamit ang iba't ibang pangkulay. Maaari ding gawin ito ng ibang tao upang makabuo ng imprenta na may iba't ibang laki ng palad.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Sa pamamagitan ng mga hakbang sa Gawain bilang 1, ipasubok ang pagmarka ng mga palad sa iyong mga kasama sa bahay. Maaari kang magpatulong sa iyong magulang, kapatid, o kaibigan, gamit ang iba pang makukuha mong pangkulay at mga patag na bagay.




Isulat sa ilalim ng marka ng palad ang pangalan ng may-ari ng kamay na ginamit, at ang petsa. Ito ay magsisilbing katibayan ng hugis o laki ng palad ng bawat isa. Itago mo ang mga ito at gawing muli makalipas ang ilang taon. Ito ay isang paraan upang makita mo ang iyong paglaki at maalala rin ang nakaraan.

## E

Ang selyo ay ginagamit bilang tanda ng orihinalidad ng isang bagay, akda, o pag-aari. Ito ay nalilikha rin gamit ang proseso ng imprenta.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sundin ang mga sumusunod na hakbang upang makalikha ng selyo gamit ang simpleng makinarya.

Mga kailangan:

- kandila
- tinidor
- posporo o *lighter*

Mga hakbang:

1. Sindihan ang kandila. Magpatak ng kandila sa napiling patag na bagay.
2. Habang ang patak ay mainit-init pa, ilapat dito ang ulo ng tinidor.
3. Dahan-dahang tanggalin ang ulo ng tinidor, at hipan ang patak ng kandila upang lumamig, matuyo at tumigas.
4. Maaari kang gumawa ng iba pang disenyo ng selyo gamit ang ibang matigas na bagay na may ukit bilang pantatak. Maari mo ring damihan ang mga patak ng kandila sa iisang bahagi upang lumaki ang selyo.

Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

| | |
|---|---|
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na paggawa ng selyo | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |



## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Ang mga makabagong ____________ ngayon ay gumagamit ng proseso ng imprenta upang ____________ ang paglikha ng mga bagay na may magkakaparehong ___________ , at magawa rin ito ng ibang ___________ . Ginagamit ito sa paglimbag ng mga aklat, paskil, karatula, at iba pang mga bagay na may tatak at selyo.

| | | | |
|---|---|---|---|
| disenyo | teknolohiya | tao | mapabilis |

WEEKS

5-6

I





# Ang Istensil

Aralin

Nakagawa ka na ba ng istensil? Ano ang gamit nito? Paano makatutulong ang istensil sa paglikha ng imprenta?

Sa araling ito, makalilikha ka ng istensil sa papel o plastik, at magagamit mo ito sa pag-imprenta sa tela o matigas na papel.

Tingnan ang mga sumusunod na larawan. Alin sa mga ito ang may kaugnayan sa istensil?





| | |
|---|---|
| pagbabakas ng hugis ng isang bagay sa papel gamit ang lapis  | paggupit sa balangkas gamit ang gunting  |
| pagbabakas ng istensil sa ibang papel  | pagkulay ng papel na nasa loob ng balangkas ng istensil  |

Tama! Ang lahat ng mga nasa larawan sa itaas ay bahagi ng proseso ng imprenta gamit ang istensil.

# D

Ang **istenstil** ay isang manipis na bagay na may butas, na siyang gabay sa paglikha ng mga hugis o titik sa pamamagitan nang pagkulay sa loob ng mga butas na ito. Kadalasan, ang istensil ay gawa sa patag at manipis na papel, plastik, kahoy, o bakal, at may mga disenyo ang balangkas ng butas nito.


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Lagyan ng tsek ✓ kung ang bagay sa larawan ay isang istensil. Lagyan naman ng ekis ✗ kung ito ay hindi istensil. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1.   | 2.  |
| 3.  | 4.  |
| 5.   | 6.   |


Makatutulong sa paglikha ng istensil ang mga kagamitang matitigas at malalapad. Tulad ng ruler, maaaring gamitin ang mga bagay na may deretso o kurbadong balangkas. Ito ay magsisilbing gabay sa pagguhit ng malinaw at perpektong linya na susundan ng gunting sa paggupit.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Isulat ang titik **S** kung ang bagay ay makatutulong sa paglikha ng balangkas sa istensil. Isulat naman ang titik **D** kung hindi ito makatutulong sa paglikha ng balangkas sa istensil. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. aklat




2. unan



3. baso



4. bigas



5. ruler



6. damit



## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Sundin ang mga sumusunod na hakbang upang makalikha ng balangkas ng mga hugis sa istensil.


Mga kailangan:

lapis at papel — ruler

baso — gunting

Mga kailangan:

1. Gumuhit ng hugis tatsulok sa papel gamit ang ruler.
2. Gumuhit naman ng hugis bilog sa isa pang papel gamit ang baso.
3. Gupitin ang nabuong balangkas ng mga hugis upang magkaroon ng butas sa loob ng papel.
4. Maaari ka ring gumawa ng iba pang hugis gamit ang iba pang matigas na bagay bilang gabay sa pagbabakas.



Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

| | |
|---|---|
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na paggawa ng istensil | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Sundin ang mga sumusunod na hakbang upang makalikha ng balangkas ng mga letra sa istensil.


Mga kailangan:

| | | |
|---|---|---|
| lapis | papel o plastik | ruler |
| baso | gunting | |

Mga hakbang:


1. Pumili ng isang letra. Isulat ito nang malaki sa papel.
2. Kapalan ang marka ng mga linya nito sa pamamagitan ng pagsulat ng karagdagang mga guhit na bumubuo ng letra.
3. Gamit ang ruler o baso, bakasin ang balangkas na nabuo ng letra.
4. Gupitin ang nabuong balangkas upang magkaroon ng butas sa loob ng papel, na ayon sa hugis at laki ng titik.

| | |
|---|---|
| Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa. | |
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na paggawa ng istensil | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |




Maaari mong gawin ang mga hakbang na ito gamit ang iba't ibang nagawa o napili mong istensil.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Sundin ang mga sumusunod hakbang sa pag-imprenta gamit ang istensil.



Mga kailangan:
- mga nagawang istensil
- puting tela o matigas na papel
- bulak o tisyu
- toyo o kape

Mga hakbang:

1. Ilapat ang napiling istensil sa tela o papel. Ingatan hindi ito magalaw.
2. Bahagyang isawsaw ang bulak o tisyu sa toyo o timpladong kape.
3. Dahan-dahan itong idampi sa loob ng balangkas ng istensil bilang pangkulay.
4. Ingatang hindi kumalat ang likido upang hindi ito lumampas sa balangkas.
5. Dahan-dahang tanggalin ang istensil upang makita ang nabuong marka.

## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Ang __________ ay ginagamit upang makalikha ng mga magkakaparehong imprenta ng higit sa isang beses. Ang balangkasang ito ay maaaring gamitin nang paulit-ulit sa iba't ibang bagay, gamit ang iba't ibang panulat o ___________ . Sa pamamagitan ng istensil, mas mabilis makagawa ng mga marka o disenyong malinis at ______________. Mas eksakto ang resulta ng hugis nito kung ikokompara sa mano-manong pagguhit ng kamay.

Sa tulong ng istensil, maaari kang gumawa ng sarili mong modelo bilang gabay sa pag-imprenta. Sa pamamagitan nito, mapauunlad mo ang iyong orihinalidad, pagiging ____________ , at mapamaraan. Maaari mo ring gamitin ang iba't ibang bagay sa ___________ bilang inspirasyon sa pagdisenyo, at bilang sangkap sa proseso ng imprenta.

Tandaang mas mainam gamitin ang matitigas na papel tulad ng karton, upang maging _____________ ang pambakas at magtagal pa ang paggamit nito sa mga susunod na likhang-sining sa hinaharap.

| | | |
|---|---|---|
| magkakamukha | pangkulay | istensil |
| matibay | paligid | malikhain |

WEEK 7

# Islogan para sa Kapaligiran

## I

Aralin

Ano ang isang islogan? Para saan ito? Kaya mo bang gumawa ng isang islogan?

Sa araling ito, ikaw ay makasusulat ng islogan ukol sa pagpapahalaga ng kapaligiran, na angkop pang-imprenta sa iba't ibang kagamitan.

Tingnan ang mga sumusunod na halimbawa ng islogan. Tungkol saan ang mensahe ng bawat isa?

| | |
|---|---|
| "Ang Kalusugan ay Kayamanan na dapat nating Ingatan" | "Wika ay gamitin, ipagmalaki, at linangin" |
| "Pagmamahalan ang susi sa Kapayapaan ng iisang Pamilyang Kinabibilangan" | "Disiplina sa Sarili ang iyong Susi sa pag-kamit ng iyong minimithi" |

# D

Ang islogan ay isang pahayag mula sa isang tao o pangkat upang magpahayag ng ideya, saloobin, mensahe, o damdamin. Ito ay nakapaskil sa makatawag-pansing pagkakasulat sa karatula o **poster**, upang maiparating sa madla at manghikayat ayon sa nilalaman nito.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Magsulat ng tatlong halimbawa ng mga kasabihan o salawikain ukol sa kalikasan. Maaari kang mag-isip ng sarili mong salita, gamiting basehan ang mga halimbawa ng islogan sa ibaba, magpatulong sa mga nakatatanda o humanap ng mga halimbawa sa internet. Gawin ito sa iyong sagutan papel.

| |
|---|
| Kagandahan ng kalikasan, ating pangalagaan<br>Para sa malinis at maunlad na Kinabukasan |
| Sugpuin ng polusyon, 'yan ang solusyon! |
| Wala na tayong ibang tirahan, kaya't kalikasan ay ating ingatan |
| Ano ang magagawa mo, kung wala na ang mga puno? |
| Hindi tayo kailangan ng kalikasan, tayo ang may<br>pangangailangan |

Upang maging kaaya-ayang tingnan ang islogan, kinakailangang iguhit ang mga titik nito sa malaki at malikhaing paraan.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Mag-ensayo sa paggawa ng malalaki at malikhaing pagsusulat ng mga titik. Maggalugad at tumuklas ng iba't ibang estilo o disenyo ng mga letra. Tingnan ang mga halimbawa sa ibaba:

| |
|---|
| Alagaan ang ating inang Kalikasan, Linisin ang Kapaligiran |
| **Alagaan ang ating inang Kalikasan, Linisin ang Kapaligiran** |
| *Alagaan ang ating inang Kalikasan, Linisin ang Kapaligiran* |
| Alagaan ang ating inang Kalikasan, Linisin ang Kapaligiran |
| *Alagaan ang ating inang Kalikasan, Linisin ang Kapaligiran* |

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Pagsamahin ang nalalaman sa mga kasabihan o salawikain ukol sa kalikasan, at ang pagsusulat ng mga malalaking titik na may estilo o disenyo, upang makagawa ng isang islogan.

Mga kailangan:
- malaking papel
- ruler
- lapis at pambura
- pangkulay

**Kalikasan ay ingatan**
**Para sa kinabukasan ng**
**kabataan.**

Mga kailangan:

1. Ihanda ang iyong naisip na nilalaman ng islogan. Isulat ito sa isang kodigo o maliit na papel.
2. Guhitan ng mga linyang pahalang ang malaking papel nang may tig-iisang pulgada ang pagitan. Ito ay magsisilbing gabay upang magpantay pantay ang mga titik.
3. Planuhin ang pagkakaposisyon ng bawat salita sa buong papel gamit ang imahinasyon.
4. Gawin ang burador o *draft* ng islogan sa pamamagitan ng magaang pagsulat ng mga titik gamit ang lapis.
5. Kung mayroong pagkakamali sa iyong pagtantiya, ay maaari itong burahin at isaayos muli ang mga pagitan ng mga salita.
6. Lagyan ito ng kulay upang lumitaw ang titik.

| Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa. | |
|---|---|
| Nakasunod sa mga hakbang | 5 pts. |
| Maayos at malinis na paggawa ng islogan | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |

## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Ang __________ ay isang paraan ng komunikasyon sa masa. Hindi lamang ito ginagamit para sa mga poster at __________. Maaari din itong gawin sa mga damit, bandila, o bag upang makita at mabasa ng mas maraming __________ . Makakikita rin ng maraming islogan sa dyaryo, telebisyon at ___________ .

| | | | |
|---|---|---|---|
| tao | islogan | internet | karatula |

WEEK

8

# Maligayang Buwan ng Sining

Aralin

I

Ano ang *National Arts Month* o Pambansang Buwan ng mga Sining? Bakit ito idinaraos? Ano-ano ang mga kaganapan tuwing ito ay sasapit?

Sa araling ito, ikaw ay makikilahok sa palatuntunan, programa, o gawaing pampaaralan o pandistrito ukol sa Pambansang Buwan ng mga Sining.

Tingnan ang larawan sa ibaba. Ano-ano ang iyong nakikita? Ito ba ay may kinalaman sa sining?




Ang Pambansang Buwan ng Sining o **National Arts Month** ay idinaraos tuwing buwan ng Pebrero. Ito ay ipinagdiriwang upang ipakita ang iba't ibang uri ng likhang sining ng ating bansa at ipamalas ang husay ng mga Filipino sa kani-kanilang paglikha.

Sa pamamagitan ng **Arts Month**, naipahahayag ng iba't ibang tao ang kanilang damdamin o saloobin. Natutunghayan ang mayamang kultura ng Pilipinas at pati na rin ang kahanga-hangang talento ng mga Filipino sa paglikha ng sining.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Gumuhit ng masayang mukha  kung ang larawan ay may kinalaman sa pagdiriwang ng Buwan ng Sining. Gumuhit naman ng malungkot na mukha  kung wala itong kinalaman sa pagdiriwang ng Buwan ng Sining.

| | |
|---|---|
| 1. parada  | 2. pagpipinta  |
| 3. pagtulog  | 4. paglangoy  |

| 5. paglililok | 6. pagtatanghal ng sayaw |
| --- | --- |
|  |  |

Ang iba't ibang lugar sa Pilipinas ay may kani-kaniyang padiriwang ng iba't ibang kapistahan. Ito ay isang impluwensiya ng mga mga Kastila sa ating kultura. Sa mga pistang ito ipinakikita ang katutubong sining at kultura ng isang bayan, lungsod, lalawigan, o rehiyon.

Narito ang iba't ibang halimbawa ng mga malalaking pista o festival sa rehiyong CALABARZON.

Kawayan Festival ng Cavite



Masayang selebrasyon ng pagpapakita ng iba't ibang produktong gawa sa kawayan.

Anilag Festival ng Laguna



Taunang pagdiriwang ng pagpapasalamat sa masaganang ani at pagpapakita ng iba't ibang produkto sa Laguna.

Sublian Festival ng Batangas



Bawat taon na masayang pagdiriwang na nagbibigay ng parangal sa Holy Cross at Sto. Niño.

Higantes Festival ng Rizal



Taon-taong parada ng iba't ibang nakamamanghang matataas na paper mache' puppet o higantes.

Pahiyas Festival ng Quezon




Parangal at pagpapasalamat kay San Isidro Labrador sa masaganang ani.

Ano-ano pa ang mga festival na iyong nalalaman? Ano ang pakiramdam sa pagdalo ng mga ito?

Sa ibang bahagi ng Pilipinas ay mayroon ding kani-kanilang kilalang kapistahan. Ang mga tampok na likhang-sining sa mga pagdiriwang na ito ay nakikita rin sa pagdaraos ng Buwan ng Sining.

Taon-taon, ang pinakamalaking selebrasyon nito ay ginaganap sa Sentrong Pangkultura ng Pilipinas o CCP. Dito natutunghayan ang iba't ibang sining at kultura ng bawat rehiyon sa bansa.

# E


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Magsaliksik tungkol sa napiling festival. Magtanong-tanong sa iyong mga magulang, kapatid, kamag-anak, o kaibigan sa paghahanap ng sagot sa sumusunod na katanungan. Isulat ang datos na iyong nakalap sa sagutang papel.

1. Ano ang pangalan ng Festival o Kapistahan?
2. Saang lugar ito ipinagdiriwang?
3. Kailan ang petsa ng pagdaraos nito?
4. Bakit ito ipinagdiriwang?
5. Ano-ano ang makikita sa selebrasyon nito?

Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa.

| | |
|---|---|
| Nasagutan ang mga katanungan | 5 pts. |
| Naibigay ang detalye ng napiling festival | 5 pts. |
| Kabuoan: | 10 pts. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Gumuhit ng isang larawan ng iyong napiling festival. Maaari mo itong kulayan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.




| | |
|---|---|
| Narito ang rubrik bilang gabay sa mas mahusay na gawa. | |
| Malinis at maayos ang pagkakaguhit | 5 pts. |
| Nailarawan ang detalye ng napiling festival | 5 pts. |
| Naipakita ang pagiging malikhain | 5 pts. |
| Kabuoan: | 15 pts. |

## A

Punan ang mga patlang ng wastong salita upang makabuo ng makabuluhang kaisipan tungkol sa aralin. Pumili ng sagot sa kahon at isulat sa sagutang papel.

Dahil sa mga makabagong ____________ , unti-unting naglalaho ang iba't ibang katutubong gawi at sining ng __________. Ang pagdaraos ng Buwan ng mga ___________ ay isang paraan upang mapanatiling buhay ang mga katutubong _________ at likhang-sining na ito, sa pamamagitan ng masaya at makulay na pambansang kaganapan. Ito ay nagpapaunlad ng kamalayan ng ating pagkakakilanlan at nagpapayabong ng ____________ .

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| teknolohiya | bansa | Sining | gawi | pagkakaisa |

# Susi sa Pagwawasto

## Week 1

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. T
2. K
3. T
4. K
5. T
6. K

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. M
2. D
3. D
4. M
5. M
6. D

## Weeks 2-3

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. A
2. B
3. C
4. C
5. B
6. A

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. A
2. B
3. C
4. B
5. B

## Week 2-3

**Gawain sa Pagkatuto 3**

1. E
2. D
3. C
4. B
5. A
6. J
7. I
8. H
9. G
10. F

## Week 5-6

**Gawain sa Pagkatuto 1**

1. ✓
2. ✗
3. ✗
4. ✓
5. ✓
6. ✗

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. S
2. D
3. S
4. D
5. S
6. D

## Week 8

**Gawain sa Pagkatuto 2**

1. ☺
2. ☺
3. ☹
4. ☹
5. ☺
6. ☺

# PIVOT Assessment Card for Learners

## Personal na Pagtatasa sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral



Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang

☆ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.

? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

### Gawain sa Pagkatuto

| Week 1 | LP | Week 2 | LP | Week 3 | LP | Week 4 | LP |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

| Week 5 | LP | Week 6 | LP | Week 7 | LP | Week 8 | **LP** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 1 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 2 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 3 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 4 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 5 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 6 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 7 | |
| Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | | Gawain sa Pagkatuto Blg. 8 | |

Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.

## Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0.* Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs